

Quod enim de tua glória, revelánte te, crédimus, hoc de Fílio tuo, hoc de Spíritu Sancto sine differentia discretiónis sentímus. Ut in confessióne veræ sempiternæque Deitátis, et in persónis propríetas, et in esséntia únitás, et in maiestáte adorétur æquálitás.

Quam laudant Angeli atque Archángeli, Chérubim quoque ac Séraphim: qui non cessant clamáre cotidie, una voce dicéntes: — **Sanctus, Sanctus, Sanctus Dominus Deus...**

ANTIPONA SA KOMUNYON • Ps 50:21

ACCEPTÁBIS sacrificium iustítíæ, oblatiónes et holocáusta, super altáre tuum, Dómine.

PANALANGIN MATAPOS ANG KOMUNYON

QUÆSUMUS, Dómine, Deus noster: ut, quos divínis reparáre non désinis sacraméntis, tuis non destítuas benígnus auxiliis. Per Dóminum.

Hermanidad de Sagrada Eucaristia
Latin Mass Society of Cavite
Comision Para sa Pagsasalin

Sapagka't kung ano ang aming sinasampalatayanan sa iyong pahayag patungkol sa kaluwalhatian mo ay gayon din sa Anak at Espiritu Santo nang walang pagtatangi. Kaya sa pagsampalataya sa Dios na totoo at walang hanggan ay sinasamba namin ang pagkakaiba ng mga persona, ang kaisahan ng pagka-Dios at ang pagkakakapantay-pantay ng kamahalan.

Ito ang ipinagbubunying walang humpay ng mga Anghel at Arkanghel, gayundin ng mga Kerubin at Serapin, nang walang humpay sa kalangitan: — **Santo, Santo, Santo Panginoong Diyos ng mga hukbo...**

KALULUGDAN Mo ang mga nararapat na hain, ang mga pagkaing handog at sa mga susunuging handog; doon sa ibabaw ng Iyong dambana, Panginoon.

ISINASAMO namin, Panginoon naming Dios, pakundangan sa Iyong awa't habag ay huwag Mo sanang bawiin ang Iyong pagkasi sa mga patuloy Mong binubuhay at nilulunasan sa mga banal na sakramentong ito. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristo...

IKASAMPUNG LINGGO MAKARAAN ANG PENTECOSTES

Misa “Dum clamarem”

• II cl. • Semidoble • Luntian

PAMBUNGAD NA ANTIPONA • Ps 54:17-20, 23

DUM clamárem ad Dóminum, exaudivit vocem meam, ab his, qui appropínquant mihi: et humiliávit eos, qui est ante sæcula et manet in ætérnum: iacta cogitátum tuum in Dómino, et ipse te enútriet. — *Ps 54:2-3* Exáudi, Deus, oratiónem meam, et ne despéxeris deprecatiónem meam: inténde mihi et exáudi me. *V.* Gloria Patri. Dum clamarem.

NOONG tumawag ako sa Panginoon, narinig Niya ang aking tinig mula sa mga umuusig sa akin: at sila'y ibinaba Niya, Siyang mula't mula pa bago magkapanahon at nananatili kailanman: ilagak ninyo sa Poon ang lahat niyong dalahin, at aalalayan niya kayo. — *Salmo 54:2-3* Pakinggan Mo, Poon, ang pagdalangin ko: huwag mo sanang siphayuín itong pagtawag ko: pakapakinggan mo ako't sagutin. *V.* Luwalhati sa Ama. — Noong tumawag...

▪ *Aawitin ang Gloria in Excelsis Deo* (Luwalhati sa Diyos)

PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)

DEUS, qui omnipoténtiam tuam parcéndo máxime et miserándo manifestas: múltiplica super nos misericórdiam tuam; ut, ad tua promíssa curréntes, coeléstium bonórum fácias esse consórtes. Per Dóminum.

O DIOS, ipinahahayag Mo ang iyong dakilang kapangyarihan sa pamamagitan ng pagpapatawad at pagpapakita ng pagkahabag: ibuhos mo nawa sa amin ang nag-uumapaw mong grasya, upang sa pananalig namin sa Iyong mga pangako'y gawin kaming kasalo sa mga 'di papanaw na kaloob sa Langit. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristo...

SULAT • 1 Cor 12:2-11

Pagbasa mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Corinto.

MGA KAPATID: Alam ninyo na noong hindi pa kayo nakakakiklala sa Dios, Miniligaw kayo upang sumamba sa mga diyus-diyosan na hindi naman nakakapagsalita. Kaya't nais kong maunawaan ninyo na walang nagsasalita sa

pamamagitan ng Espiritu ng Diyos na nagsasabi, “Sumpain si Jesus!” at walang makapagsasabi, “Si Jesus ay Panginoon,” maliban sa pamamagitan ng Espiritu Santo. May iba’t ibang uri ng mga kaloob, subalit iisang Espiritu. At may iba’t ibang uri ng paglilingkod, subalit iisang Panginoon. May iba’t ibang uri ng gawain, subalit iisang Diyos na gumagawa ng lahat ng mga bagay sa lahat. Subalit sa bawat isa ay ibinigay ang paghahayag ng Espiritu, upang pakinabangan ng lahat. Sa isa ay ibinigay sa pamamagitan ng Espiritu ang salita ng karunungan, at sa iba’y ang salita ng kaalaman ayon sa gayunding Espiritu, sa iba’y pananampalataya sa pamamagitan ng gayunding Espiritu, at sa iba’y ang mga kaloob ng pagpapagaling sa pamamagitan ng isang Espiritu. Sa iba’y ang paggawa ng mga himala, sa iba’y propesiya, sa iba’y ang pagkilala sa mga espiritu, sa iba’y ang iba’t ibang wika, at sa iba’y ang pagpapaliwanag ng mga wika. Subalit sa lahat ng uto’y iisa lamang Espiritu ang gumagawa, na siyang namamahagi ng kanyang mg akaloob sa bawat isa ayon sa kanyang ibig. — **R. Salamat sa Diyos.**

PANINGIT NA AWIT (GRADUAL) • Ps 18:6, 2; Ps 64:2

CUSTODI me, Dómine, ut pupíllam óculi: sub umbra alárum tuárum prótege me.

V. De vultu tuo iudícium meum pródeat: óculi tui vídeant æquitátem.

Allelúia, allelúia. V. Te decet hymnus, Deus, in Sion: et tibi reddétur votum in Ierúsalem. **Alleluia.**

INGATAN mo ako, Poon, na waring balintataw ng iyong mga mata: sa ilalim ng iyong pakpak, ako’y iyong ipagsanggalang.

V. Mula sa iyo ay manggaling ang aking kahatulan, makita nawa ng iyong mga mata ang katuwiran!

Aleluya, aleluya! V. Awit ng papuri’y sa Iyo’y narapat, Poon, doon sa Sion: mga panata sa Iyo’y dapat matupad doon sa Jerusalem. **Aleluya.**

EBANGHELYO • Lc 18:9-14

Ang pagpapatuloy ng Ebanghelyo ayon kay San Lucas.

NOONG PANAHOONG IYON: Sinabi rin niya ang talinghagang ito sa mga taong matuwid ang tingin sa sarili at hinahamak naman ang iba: “May dalawang lalaking pumasok sa Templo upang manalangin, ang isa ay Pariseo at ang isa ay maniningil ng buwis. Tumayo ang Pariseo at nanalangin nang ganito: ‘O Diyos, nagpapasalamat ako sa iyo sapagkat hindi ako katulad ng iba na mga magnanakaw, mandaraya, mangangalunya, o kaya’y katulad ng maniningil ng buwis na ito. Dalawang beses akong nag-aayuno sa isang linggo at nagbibigay rin ako ng ikasampung bahagi mula sa lahat ng aking kinikita.’

Samantala, ang maniningil ng buwis nama’y nakatayo sa malayo at di man lamang makatingin sa langit. Dinadagukan niya ang kanyang dibdib at sinasabi, ‘O Diyos, mahabag po kayo sa akin na isang makasalanan!’ Sinasabi ko sa inyo, ang lalaking ito’y umuwing matuwid sa harapan ng Diyos, at hindi ang Pariseo. Sapagkat ang sinumang nagmamataas ay ibababa at ang nagpapakababa ay itataas.” — **R. Pinupuri ka namin, Panginoong Jesucristo.**

▪ **May Credo o Sumasampalataya.**

ANTIPONA SA PAG-AALAY • Ps 24:1-3

AD te, Dómine, levávi ánimam meam: Deus meus, in te confído, non erubéscam: neque irrídeant me inimíci mei: étenim univérsi, qui te expéctant, non confundéntur.

SA Iyo, Poon, itinataas ko ang aking kaluluwa. Dios ko, sa Iyo ako nananalig; huwag sana akong mapahiya. Huwag hayaang malagay ako sa kahihyan, at pagtawanan ako ng aking mga kaaway! Ang sa Iyo’y nagtiwala ay hindi mabibigo.

PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

TIBI, Dómine, sacrificia dicáta reddántur: quæ sic ad honórem nóminis tui deferénda tribuísti, ut eadem remédia fieri nostra præstáres. Per Dóminum.

MAIHANDOG nawa muli sa Iyo, Panginoon, itong paghahain na iyong ibinigay upang aming maialay din sa pagpitagan namin sa Ngalan mo: loobin mong ang mga ito’y maging lunas at kagalingan para sa amin. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristo...

PREPASYO NG BANAL NA SANTATLO

VERE DIGNUM et iustum est, æquum et salutáre, nos tibi semper et ubique grátias ágere: Dómine sancte, Pater omnipotens et æterne Deus:

TUNAY NGANG MARAPAT at matuwid, angkop at nakakagaling, sa lahat ng dako at sandali na magpasalamat kaming lagi sa iyo, Amang banal, Diyos na makapangyarihan at walang-hanggan.

Qui cum unigénito Fílio tuo et Spíritu Sancto unus es Deus, unus es Dóminus: non in unius singularitáte persónæ, sed in uníus Trinitáte substántiæ.

Kasama ng Anak mong Bugtong at Espiritu Santo, ikaw ay iisang Dios at at iisang Panginoon: isa sa pagka-Dios ngunit tatlo sa pagka-persona.